



Kahilingan para sa pag-access ng protektadong impormasyong pangkalusugan

May karapatan kayong humiling ng access upang siyasatin o makakuha ng kopya ng inyong PHI na pinapanatili ng Blue Shield of California sa isang nakatalagang record set. Ang nakatalagang record set ay grupo ng mga talaang pinapanatili ng o para sa Blue Shield of California, kabilang ang enrollment, pagbabayad, paghatol ng mga claim, mga talaan ng kaso o medikal na pamamahala, o iba pang impormasyong ginagamit namin sa pagpapasya tungkol sa inyo. Aabisuhan kayo sa pamamagitan ng sulat kung ang inyong kahilingan ay mapagbibigyan o tinanggihan, kabilang ang mga dahilan para sa anumang pagtatangi.

Hindi kayo awtorisadong magsiyasat o makakuha ng kopya ng anumang mga tala ng psychotherapy; impormasyong naka-compile sa makatuwirang paghihintay ng, o para sa paggamit sa, aksyon o paglilitis na sibil, kriminal, o administratibo; o impormasyong hindi napapailalim sa paghahayag sa inyo sa ilalim ng Clinical Laboratory Improvements Amendments of 1988.

Pakitandaan na hindi kami nagpapanatili ng inyong mga talaang medikal. Kailangan ninyong makipag-ugnayan sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o pasilidad upang hilingin ang mga kopya ng, o access sa, inyong mga talaang medikal.

Indibidwal na humihiling ng kahilingan:

Pangalan:

ID number ng subscriber:

Address:

Numero ng telepono

Petsa ng kapanganakan:

- Kahilingan na ito na siyasatin o makatanggap ng kopya ng mga talaan? Siyasatin Mga kopya
- Sa aling form ninyo nais matanggap ang mga kopya? Papel Elektroniko (kapag available)
- Kapag available ang mga elektronikong kopya, sa aling format ninyo mas nais matanggap ang mga ito? (Maaaring hindi namin mapaunlakan ang mga kahilingan para sa mga partikular na elektronikong format, ngunit gagawa kami ng makatuwirang pagsisikap upang maisagawa ito.):

Naiintindihan ko na kapag ang aking kahilingan para sa mga kopya ng mga talaan ay mapagbibigyan, maaaring kailanganin kong magbayad ng makatuwiran, nakabatay sa gastos na bayarin para sa paggawa ng kopya (kabilang ang gastos ng mga supply at labor) at/o selyo, at na aabisuhan ako ng Blue Shield nang maaga kung kailangan kong magbayad.

Lagda ng indibidwal o personal na kinatawan:

Lagda

Kung nilagdaan ang form na ito ng taong maliban sa indibidwal o ng magulang ng menor de edad, tulad ng personal/legal na kinatawan o tagapangalaga, **dapat kayong magsumite ng dokumentasyon** na nagpapakita ng inyong karapatang kumilos para sa o sa ngalan ng indibidwal na kaugnay ng kanilang pangangalagang pangkalusugan/PHI tulad ng valid na pahintulot ng HIPAA, power of attorney hinggil sa pangangalang pangkalusugan, o mga papel ng pangangalaga. **Pakibigay din ang sumusunod na impormasyon:**

Pangalan, address, at relasyon ng kinatawan sa indibidwal kung para kanino ginawa ang kahilingang ito (naka-print):

Petsa:

Ibalik ang nakumpleto at nilagdaang kahilingan sa:

Blue Shield of California Privacy Office, P.O. Box 272540, Chico, CA 95927-2540

H0504_13-TA_144C 07052013

Blue Shield of California is an independent member of the Blue Shield Association

S2468_13-TA_144C 07052013

A55571XLB-TA_0923